TOKYO METROPOLITAN GOVERNMENT

Enero, 2025



# Aksyon para sa kinabukasan ng mga bata 2025

Pocketbook



Detalyadong aksyon tungo sa
realisasyon ng Tokyo para sa

# Children First

## Makinig nang mabuti sa tinig at damdamin

**ng mga bata**

**Mula sa pangunahing pananaw na "Proteksyon sa kanilang Karapatan" Mahalaga na i-update ang Polisiya para sa mga bata**

**Ayon sa "Aksyon para sa kinabukasan ng mga bata"**

**Makikipag-usap kami sa mga bata**
**At lilikhain ang "Ngayon" at "Hinaharap" kasama ang mga bata!**



# Talaan ng nilalaman


Pagpapakita ng aktuwal na sitwasyon, tinig at damdamin ng mga bata sa polisiya para sa mga bata ........ 3

Batayang Ordinansa ng Tokyo Metropolitan Government Ukol Para Sa Mga Bata ........ 7

Kamusmusan at pagpapalaki ng Bata ........ 9

Paglikha ng koneksyon sa pagpapalaki ng mga Bata ........ 11

Pagpapalaki sa mga batang nag-aaral ........ 15

Pagpapabuti ng School Climate ........ 17

Pagsusulong ng mga ‘Karanasan na Aktibidad' upang mapaunlad ang kinabukasan ng mga Bata ........ 19

Pagsusulong ng “laro” na maghahatid ng ngiti sa mga Bata ........ 21

Paglikha ng kapaligiran kung saan ligtas ang mga Bata mula sa mga aksidente ........ 23

Suporta para sa mga Young Carers ........ 25

Suporta para sa mga Bata na ang sariling wika ay hindi Hapones ........ 27

Pangangalaga sa kalusugan ng mga Bata ........ 29

Mga Pangunahing Aksyon para sa Pagpapalakas ng Patakaran para sa mga Bata ........ 31




# Pagpapakita ng aktuwal na sitwasyon, tinig at damdamin ng mga bata sa polisiya para sa mga bata

## Opinyon ng 18,000 na bata

- Interbyu tungkol sa lulugaran ng mga bata
- On-site classes
- Workshop ng mga bata
- Survey gamit ang SNS
- Children's Metropolitan Government Monitor
- Proyekto sa Pakikilahok ng mga Mag-aaral ng Junior at Senior High School sa Pagdedesisyon ng Patakaran

○ Pagsusulong ng programa upang mapakinggan ang opinyon ng mga bata sa buong Tokyo Metropolitan Government.
○ Tiyak na pagtukoy sa opinyon ng mga batang hirap ipahayag ang kanilang sarili.

## Ebidensya Hinggil sa mga Bata (Aktuwal na sitwasyon at kamalayan ng mga bata)

**Fixed point survey tungkol sa mga bata "Tokyo Children's Questionnaire"**

Target ng survey: 10,500 sambahayan

Dito para sa detalye



# Workshop ng mga Bata

Dito para sa detalye

Point!

- Pagkuha ng mga opinyon mula sa mga bata hinggil sa mga patakaran ng Tokyo Metropolitan Government.
- Batay sa mga opinyon, pagpapabuti ng patakaran.

Tokyo 2025 World Athletics Championships





Pagpapaunlad ng bayan sa pinalawig na bahagi ng Tama Intercity Monorail.

# Proyekto para sa pakikilahok ng mga mag-aaral na Junior at Senior High School sa paglikha ng patakaran

Dito para sa detalye

Point!

- Ang mga mag-aaral ng junior at senior high school mismo ang magtatalakay at magmumungkahi ng mga patakaran para sa mga bata sa gobernador.
- Ang nilalaman ng panukala ay masasalamin sa panukalang badyet ng Metropolitan Government.

✓ Nagkaroon ng diskusyon sa loob ng halos anim na buwan, na nakatuon sa tema na **pagpapayaman ng mga aktuwal na karanasan**.

✓ Iminungkahi ang paglikha ng **'Pangkalahatang Site para sa Karanasan sa Trabaho ng mga Mag-aaral ng Junior at Senior High School.'**





# Tokyo Children's Questionnaire

## Patuloy na pagsubaybay sa aktuwal na kalagayan at pagbabago sa kamalayan ng mga bata




**Narito ang bahagi ng mga resulta mula sa 2024 survey!**

- **Mataas ang porsyento ng mga bata sa Tokyo ang may positibong pananaw sa kanilang kalagayan at sa paligid nila.**

Lahat ng resulta ng survey

**Masaya ba ako ngayon? [Bata]**


**Napakatotoo***




※Proporsyon ng 8-10 mula sa 11 Yugto (0-10)

**Maganda ba ang relasyon ko sa aking pamilya? [Bata]**

**Napakatotoo ***





※Proporsyon ng 8-10 mula sa 11 Yugto (0-10)

- **Dumarami ang bilang ng mga bata at magulang na may positibong pananaw.**

**Pinakikinggan ako ng mga matatanda [Bata]**


Sa tingin mo ba ang mga matatanda sa iyong komunidad ay **nakikinig nang maayos sa iyong sinasabi?***※




※ Porsyento ng mga sumagot ng 'Sa tingin ko ganoon' at 'Masasabi kong ganoon'

**Dali ng pagpapalaki ng anak sa komunidad [Magulang]**

Sa tingin mo ba ang inyong komunidad ay **magandang lugar para magpalaki ng anak?** ※




※ Porsyento ng mga sumagot ng 'Sa tingin ko ganoon' at 'Masasabi kong ganoon'

# Pagbuo ng Digital Platforms para Direktang Makipag-ugnayan sa Lahat ng Bata

## Tokyo Metropolitan Government Website para sa mga Bata

Ito ang homepage!

**Ang 'Gateway sa Pamamahala ng Metropolitan Government' para sa mga mag-aaral sa elementarya**




**Lumagpas na sa 70 Milyong Pinagsama-samang Page Views!**

**Malaking tagumpay!** 'Tokyo Children's Typing Race'

Maaaring kumonekta gamit ang isang device bawat tao!

## Plano na magbukas ng Website para sa mga mag-aaral na Junior at Senior High School (Pansamantalang Pangalan)

(Ganap na pagpapatakbo sa Marso 2026)

**Pag-aaral na gamit ang AI**




**Pag-uugnay sa impormasyon ng pamahalaan ng lungsod at tanggapan ng konsultasyon**


ギュッとチャット

**Pagpapakalat ng impormasyon mula sa sariling pananaw ng mga mag-aaral na junior at senior high school**



# Batayang Ordinansa ng Tokyo Metropolitan Government Para Sa Mga Bata

## Pinag-isang pagtatakda ng mga pangunahing pananaw para sa mga patakaran ng mga bata




Lumikha ng mga plataporma para sa pagpapalaganap ng mga prinsipyong ordinansa at para sa pagpapalitan ng opinyon, sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa iba't ibang partido mula sa loob at labas ng bansa

Dito para sa detalye

## Simposyum ng mga bata "TEENS SQUARE TOKYO PROJECT"

Point!

Nagsama-sama ang mga bata mula sa Tokyo at iba't ibang lungsod sa loob at labas ng Japan



- **Pagsali ng mga bata mula sa loob at labas ng bansa** para makikipagpalitan ng opinyon.
- **Ipahahayag ang mga prinsipyo ng ordinansa** gamit ang sarili nilang salita.

## Tokyo Global Forum on Children: TGFC

Point!

Pagbabahagi at pagtalakay ng mga patakaran para sa mga bata sa mga lungsod sa ibang bansa

- Pag-imbita sa **mga opisyal na may pananagutan sa pagpapatupad ng patakaran para sa mga bata**
- Sa Tokyo, **ang pagpapalaganap ng patakaran para sa mga bata sa buong mundo**
- Pagbuo ng **network sa pagitan ng mga lungsod**



# Kamusmusan at pagpapalaki ng Bata

**Ang panahon ng pagkasanggol at pagkabata ay isang mahalagang yugto para hubugin ang 'non-cognitive skills'**

**Lakas ng isip** na may kaugnayan sa **sarili**

- Pagpapahalaga sa sarili
- Motibasyon
- Tiyaga

**Lakas ng isip** sa aspeto ng **sosyalidad**

- Kakayahang umunawa ng damdamin
- Pag-unawa
- Pagkakaisa

**Natatangi sa Tokyo**

**Ito ay karaniwang programang sumusuporta sa mga sanggol at bata sa kindergarten at nursery school sa pagsulong･paglaki (SUKUSUKU) × kuryusidad･pagsasaliksik (WAKUWAKU).**

とうきょうすくわくプログラム

こどもの「すくすく×わくわく」をおうえん

**Suporta sa pag-unlad ng emosyonal na kalusugan ng mga sanggol at bata**

# Dumarami ang mga programa na nagtatampok sa natatanging karakter ng bawat daycare!

**2023** Bersyon ng β

Isinasagawa sa 14 na daycare

**2024** Pagpapatupad sa buong Tokyo

Tinatayang ipapatupad sa **humigit-kumulang 1,600 daycare**

(Hanggang January 2025)

**2025**

Pinalawak na bilang ng mga nagpapatupad na daycare: 2,750

Halimbawa…

## Pag-aaral ng 'Kulay'



Paghalo ng iba't ibang kulay ng tubig para makabuo ng sariling kulay


## Pag-aaral ng 'Kalikasan'



Pakikisalamuha sa kalikasan, tulad ng mga sanga ng puno at dahon

# Pahuhusayin pa namin ang kalidad ng programa!


## Pagtatatag ng network ng mga daycare



Tunay na Koneksyon


# Paglikha ng koneksyon sa pagpapalaki ng mga Bata

## Ang mayroong pag-aalala o problema sa pagpapalaki ng anak ay humigit-kumulang 70% ng mga pamilya




(Dokumento) Ministry of Education, Culture, Sports, Science and Technology 'Pagsasaliksik sa Komprehensibong Pagsusulong ng Edukasyon sa Bahay para sa Taong 2023' (Survey sa mga Magulang Tungkol sa Edukasyong Pantahanan) ay ginawa batay sa ulat ng proyekto

## Ang sanhi nito ay ang pagiging mag-isa at pagkakahiwalay ng mga pamilyang may anak, at lalo na ang mga pamilyang may sanggol na wala pang isang taon ang madalas makaramdam ng kalungkutan




(Dokumento) Ginawa batay sa 'Survey on Isolated Parenting' na isinagawa ng lokal na komunidad na 'Piazza
*Petsa ng Survey: Marso hanggang Abril 2024

**Pag-iwas at pag-alis ng lungkot at pag-iisa sa pagpapalaki ng mga bata sa pamamagitan ng “Koneksyon”**

# Suportahan ang mga distrito, Lungsod, at bayan na nagsisikap lumikha ng mga koneksyon sa pamamagitan ng 'Family Attendant'

## Point! Outreach-type na suporta sa mga pamilyang nagpapalaki ng anak



'Childcare Diaper Delivery Service' ng Edogawa Ward

- **Bibisitahin** ang pamilya na may Sanggol
- Magkasamang idedeliber ang mga **supply** at **impormasyon sa pagpapalaki sa bata**

## Point! Pamilyar na attendant para sa mga pamilyang may pinapalaking anak

- **Makakausap** tungkol sa araw-araw na suliraning sa pagpapalaki ng anak
- **Suporta habang gumagabay sa pamamagitan** ng "Pagsama" sa inyo sa pakikipaglaro

  "Pagsama" sa inyo sa pagpunta sa mga opisina ng gobyerno, ospital atbp.



Ota Ward
"Home Start Ota"

**Feedback ng mga Gumamit**



Nakakapanatag kung may lugar para makapag-usap.
Nagugustuhan ko ang pagbisitang ito.

Dahil mag-isa akong nagpapalaki ng anak tuwing weekdays at walang makausap, kahit mga 5 minuto lang kami may nakausap gumaan ang aking pakiramdam.


Digital na koneksyon

# Paglikha ng koneksyon sa pagpapalaki ng mga Bata

Hindi lamang mga **pamilyang nagpapalaki ng anak,** kundi **maging ang anak** ay **nakararamdam ng lungkot at pag-iisa** at nangangailangan ng **koneksyon sa ibang tao**.

**< Pakiramdam ng lungkot at pag-iisa, o gustong may makausap kapag nalulungkot >**

Persentahe ng nagsabi ng **"Gusto kong may kausap"** ayon sa mga sumagot na **“nakakaramdam”** ng lungkot o pag-iisa




* Nilikha ayon sa survey na ipinatupad ng Tokyo Metropolitan Government Child Policy Collaboration Office （Target ng Survey: Mga batang nakatira saTokyo (Elementarya, Junior HS, Senior HS) at Mga Magulang (Preschool, Elementarya, Junior HS, Senior HS) na umaabot sa 3,200 participant）

**Pinipigilan ang pag-aalala at suliranin ng mga pamilya tungkol sa anak at sa pagpapalaki ng anak na lumala**

「あのね…」で始まる相談チャット


# ギュッとチャット Start !

Libreng konsultasyon!

"Comforting Chat"

***Paunang operasyon simula Enero 2025 (4 na linya)**

Madaling makapagkonsulta gamit ang SNS at iba pa



**Magkasama nating aayusin ang mga hindi maipaliwanag na pagkabahala na nararamdaman ng mga bata at pamilyang nagpapalaki ng anak sa araw-araw.**

## "Comforting Chat"




- ✓ Maaaring **kumonsulta sa** iba't ibang advisor
- ✓ Maaaring kumonsulta nang anonymous
- ✓ Maaaring ituloy ang konsultasyon sa kaparehong advisor mula sa nakaraan
- ✓ Maaaring magpareserba ng nais na petsa at oras ng konsultasyon




Top page ng smartphone

**Mascot Character**


# Gyuppi



# Pagpapalaki sa mga batang nag-aaral

## Ang bilang ng mga batang hindi pumapasok sa paaralan **ay patuloy na** tumataas

Pagbabago sa bilang ng mga mag-aaral na elementarya at high school na hindi pumapasok sa paaralan (Tokyo Metropolitan Area)




(Dokumento) Inihanda mula sa "Pananaliksik hinggil sa mga Suliranin sa Pag-uugali ng mga Mag-aaral, Hindi Pagpasok sa Paaralan, at Iba Pang Isyung Pang-gabay sa Estudyante" ng Ministry of Education, Culture, Sports, Science and Technology

**Pagpapalawak ng uri ng pagkatuto at ng ikatlong lugar na kinabibilangan ng mga bata**

## Pagsusulong ng suporta para sa mga free school at iba pang katulad na institusyon

Dito para sa detalye

- ✓ Pagpapapagaan ng gastusin sa paggamit ng mga free school at iba pa
- ✓ Pagsuporta sa mga free school at katulad nito na kumikilos mula sa pananaw ng mga bata
- ✓ Pagsasaliksik sa iba’t ibang uri ng pagkatuto sa labas ng paaralan

## Ipatutupad ang sari-saring hakbang laban sa pagliban sa paaralan sa maraming antas



### ● Suporta sa paaralan at iba pa

- ✓ Pagpapalawak ng Pagtatatag ng Challenge Classes
- ✓ Pagpapalaganap ng Virtual Learning Platform (VLP)※
  Pagpapalakas ng Tungkulin ng Education Support Center

※ Mga lugar na kinaroroonan at puwang ng pagkatuto na binuo sa pamamagitan ng 3D metaverse space

### ● Pagpapayaman ng suporta para sa mga magulang at pagbabawas ng kanilang mga alalahanin at takot

- ✓ Maaaring makakuha ng impormasyon sa isang sentralisadong paraan, tulad ng sa portal site o sa mga konsultasyon (nakaplano)





### Pagtugon sa pababang edad ng mga lumiliban na mag-aaral

**Pagpapalakas ng mga programa para sa maayos na paglipat mula sa panahon ng pagkabata patungo sa panahon ng pag-aaral**


# Pagpapabuti ng School Climate

## Ang mga bata at mag-aaral na nakakaramdam na 'komportable ang paaralan para sa kanila' ay may pagkiling sa mataas na antas ng kaligayahan




(Dokumento) Ginawa batay sa Tokyo Children's Survey ng Tokyo Metropolitan Government Bureau of Children, Youth and Healthy Development (isinagawa noong Mayo 2023)

Sa kultura ng paaralan (sa mataas na antas), maaaring **makatulong ang mga hakbang na pang-prebensyon upang mapigilan ang paglitaw ng mga problema**.




**Pagbutihin ang kultura sa paaralan at bumuo ng sistema upang maiwasan ang iba't ibang problema na maaaring kaharapin ng mga bata**

# Makipagtulungan sa mga institusyong pananaliksik at isulong ang mga programa

- ✓ **Palawakin ang bilang ng mga high school at junior high school** na nagpapatupad ng mga programa
- ✓ Pag-aralan ang mga posibleng **scheme para sa elementarya**

## <Scheme para sa mga High School at Junior High School>

### Survey sa School Climate ng mag-aaral

〔 **C** heck 〕



Survey tungkol sa kapaligiran ng paaralan

### Feedback ng resulta

〔 **A** ct 〕

Ang institusyong pananaliksik ay nagsasagawa ng pagbibinilang sa mga nilalaman ng survey at ipinapahayag sa paaralan ang resulta ng pagsusuri

*Institusyong Pananaliksik sa Medisina ng Tokyo

**Gamitin ang prinsipyo ng PDCA at ipagpatuloy ang mga hakbang**

### Pagsasagawa ng aktibidad

〔 **D** o 〕

Isali ang buong paaralan at itaguyod ang mga aktibidad

### Pagpaplano ng nilalaman ng aktibidad

〔 **P** lan 〕



Bumuo ng core team na binubuo ng mga mag-aaral at mga guro upang magsagawa ng pagsusuri


**Suporta upang maisama ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral**



School Climate Coordinator

# Pagsusulong ng mga 'Karanasan na Aktibidad' upang mapaunlad ang kinabukasan ng mga Bata

## Ang mga aktibidad sa karanasan ay may magandang epekto sa pag-unlad ng mga bata




(Dokumento) Batay sa ulat ng 'Kabuuang Pananaliksik ng Hamagin Corporation' na isinagawa sa ngalan ng Ministry of Education, Culture, Sports, Science and Technology (MEXT) para sa proyektong 'Pagsuporta sa Pagsasarili ng Kabataan sa pamamagitan ng mga Karanasang Aktibidad' noong Taong 2020

## Ang mga bata ay naghahangad ng iba't ibang oportunidad na makaranas ng mga bagong bagay


- ✓ Nais kong maranasan at masaksihan ang teknolohiya, trabaho, mga propesyon, at boluntaryong gawain sa Japan.
- ✓ Sa palagay ko, maganda kung madagdagan pa ang mga aktibidad na may kaugnayan sa pandaigdigang usapin.
- ✓ Gusto ko sanang magkaroon pagkakataon na makaranas ng musika.



- ✓ Nais kong makasama ang mga kaibigan sa pagtulog at pagkain, upang matutunan ang mga kakayahang kailangan sa buhay at mapalalim ang ugnayan sa kalikasan.

**Lumikha ng iba't ibang aktibidad na karanasan at suportahan ang buong komunidad sa maayos na pagpapalaki ng mga bata**

# Lumilikha ng iba’t ibang karanasang aktibidad sa loob at labas ng paaralan




Pasilidad kung saan maaaring makaranas ng iba’t ibang gawain ang mga bata at kabataan para sa kanilang pag-unlad at pagsasarili

Platform ng Karanasan sa Trabaho (pansamantalang pangalan)

Entrepreneurship education Program

TiB Students



Tokyo Children’s Creative Lab



Programang may partisipasyon kung saan natutuklasan ang iba’t ibang uri ng kalikasan sa Tokyo

Tokyo Nature Class

Maranasan ang kagandahan ng 'World Athletics Championships' at 'Deaflympics'

#Overseas Exchange Program para sa Junior at Senior High School Students




TOKYO MET SaLaD MUSIC FESTIVAL

Paglikha ng iba’t ibang uri ng karanasang aktibidad sa komunidad



# Pagsusulong ng “laro” na maghahatid ng ngiti sa mga Bata

## Nais ng mga bata na magkaroon ng iba't ibang lugar para maglaro na malapit sa kanila



- ✓ Nais naming dumami ang mga lugar kung saan puwedeng **maglaro ng bola.**
- ✓ Mga parke na parang **play park.**
- ✓ Mga lugar na masayang puntahan ng **lahat.**
- ✓ Lugar na maaaring pagtambayan ng mga mag-aaral na **junior at senior high school.**
- ✓ Mga parke kung saan puwedeng maglaro gamit ang **bisikleta, unicycle, at skateboard.**

Batay sa mga opinyon mula sa “Itinurong Klase ng Paaralan” at “Pakikipanayam sa mga Lugar ng Laro” ng Tanggapan para sa Patakaran sa mga Bata ng Tokyo.

**Suportahan ng buong puso ang mga batang "gustong maglaro"**

## Isama ang opinyon ng mga bata sa pagdisenyo ng mga palaruan



**Hearing**



**Workshop**



**On-site classes**

**Opinyon ng mga bata**

**Paglikha ng mga 'palaruan' gaya ng play park at lugar para sa larong bola gamit ang mga yaman ng komunidad**

## Gamitin ang katangian ng komunidad upang makalikha ng mga pagkakataon para sa paglalaro

Suportahan ang mga lungsod, bayan, at distrito na **nagsusulong ng mga karanasang pang-laro** at **pagsasanay ng mga tao**




Likas na paglalaro sa "play park"





Paggawa ng mga likhang-sining sa loob ng bahay o silid

Paglalaro at pagguhit sa "kalsada" na karaniwang ginagamit

## Ipalaganap sa estratehikong paraan ang kahalagahan ng 'paglalaro'




Inilabas ang video kung saan nag-uusap sina Ryogo Matsumaru, Yumepote, at Hiroki Sekido tungkol sa kahalagahan ng paglalaro ng mga bata




Ibahagi ang ganda ng "paglalaro" sa pamamagitan ng SNS!

# Paglikha ng kapaligiran kung saan ligtas ang mga Bata mula sa mga aksidente

**Halimbawa... mga hakbang sa kaligtasan kapag naglalaro sa ilog**

**Bagay na gustong mabago**

**Pagkalunod sa ilog**

**Bagay na hindi mababago**

Dami ng tubig at bilis ng anod


**Bagay na mababago**

Pagsusuot ng lifejacket





## Siklo ng pag-iwas sa aksidente




Industriya, pamahalaan, akademya, at mamamayan

Paandarin ang **siklo ng pag-iwas sa aksidente**

mula sa pananaw ng **"pagbabago" "bagay na mababago."**

Pagsasakatuparan ng komunidad kung saan **kayang tanggapin** ng mga bata ang hamon nang may panatag na kalooban

# Pagtatatag ng talaan ng datos tungkol sa mga insidente ng aksidente ng mga bata

Itatatag ang **isang open database para sa sentralisadong pagtitipon ng impormasyon tungkol sa aksidente ng mga bata, na maaaring gamitin ng industriya, gobyerno, akademya, at mga mamamayan**

(nakatakdang ilabas sa katapusan ng Taong 2024)




### Tiyakang pagpigil sa “Mapipigilang aksidente”!

## Pagbahagi ng mga paraang pangkontra ayon sa mga ebidensiya

Dito para sa detalye






# Suporta para sa mga Young Carers

**Mapansin**

- Pagsasapubliko at pagpapalaganap
- Pagpapataas ng kamalayan ng mga kaugnay na ahensya

**Koneksyon**

- Pagpapalakas ng sistema ng koordinasyon ng mga distrito, lungsod, at bayan
- Walang patid na suporta batay sa edad

**Tulong at pangangalaga**

- Pagpapabuti ng komportableng lugar para sa mga mag-aaral sa loob at labas ng paaralan
- Pagsasaayos ng sistema para sa konsultasyon
- Suporta para sa pagpapagaan ng pasanin sa pag-aalaga at gawaing bahay
- Suporta mula sa pananaw ng pagtulong sa buong pamilya

Mga pagkakataon para sa pakikipag-ugnayan at pagpapahayag ng opinyon ng mga apektadong partido at iba pa

**Magpatupad ng masusing suporta na nakatuon at tumutugon sa mga tunay na sitwasyon na kinahaharap ng mga bata**

## Palalimin ang pag-unawa tungkol sa mga batang tagapag-alaga, ipalaganap ang tamang kaalaman, at pataasin ang kamalayan ng komunidad

**Ang website na "Young Carers' Plaza" ay kasalukuyang bukas sa publiko!**




Point!

**Ibahagi ang tunay na boses** ng mismong mga nakararanas nito



Workshop



Talakayan

Point!

Maglathala at **pagyamanin** ang mga **nilalamang makatutulong sa mas malalim na pag-unawa**




Animation




Dokumentaryo

# Suporta para sa mga Bata na ang sariling wika ay hindi Hapones

## Sa Tokyo ang bilang ng mga estudyante na kailangang turuan ng wikang Hapon ay pataas




(Dokumento) Inihanda mula sa “Pananaliksik ukol sa kalagayan ng pagtanggap sa mga batang nangangailangan ng pagtuturo ng wikang Hapon” ng Lupon ng Edukasyon ng Tokyo

**Magsikap tungo sa isang lipunan kung saan ang mga bata na ang sariling wika ay hindi Hapon ay maaaring mamuhay nang tapat sa sarili at masiglang makapagpakita ng kanilang kakayahan**

# Magbigay ng masusi at maraming uri ng suporta ayon sa sitwasyon ng bawat isa



## Paaralan

- ✓ **Itaguyod ang edukasyong may diversity**
- ✓ Palakasin ang **pagbibigay ng impormasyon tungkol sa pagpasok sa high school**



## Lokal na komunidad

- ✓ **Intercultural Kids Coordinator**
- ✓ **Multicultural Kids Salon**

## Digital

- ✓ Kumonsulta nang madali sa chat **"Comforting Chat"**
- ✓ Virtual Learning Platform*

※ Ikatlong lugar na kinabibilangan at mapagkukunan ng pagkatuto na binuo sa pamamagitan ng 3D metaverse na espasyo

## Multicultural Kids Salon

**Pag-aaral**



**Suporta sa pag-aaral ng wikang Hapon** na sadya para sa bawat indibidwal

**Konsultasyon**



**Atentibo at detalyadong konsultasyon** para sa agam-agam at pag-aalala ng mga bata at magulang


**Pakikipag-ugnayan**



Lumikha ng **koneksyon sa maraming tao**, at **susuporta mula** sa **pangkaisipan at araw-araw na aspeto ng buhay**

# Pangangalaga sa kalusugan ng mga Bata

**Napakahalaga ang pagpapataas ng kamalayan para sa mga taong walang pakialam sa sariling kalusugan, gayundin ang pagbibigay-motibasyon sa mga pasibong indibidwal.**





**Humigit-kumulang pitumpung porsyento (70%) ang mga indibidwal na walang malasakit**

**(Gabay)**
- ■ : 'Walang kamalayan' o 'may kamalayan subalit hindi alam kung ano ang dapat gawin'
- ■ : 'May kamalayan at gumagawa ng aksyon'

(Dokumento) Ginawa batay sa survey hinggil sa website na "TOKYO YOUTH HEALTHCARE" ng Tokyo Metropolitan Government Children's Policy Coordination Office (datos na nakalap mula Oktubre 27, 2023 hanggang Marso 29, 2024)

## Pagsusulong sa kalusugan ng Kabataan sa pamamagitan ng pagresolba sa mga suliranin sa kalusugan partikular sa pagbibinata o pagdadalaga




**【Kagawaran ng Edukasyon】**
**Mga Espesyal na Klase** at iba pa

**【Kagawaran ng Kapakanan ng Lipunan】**
**Tokyo Youth Health Support (WAKASAPO)** at iba pa

**【Opisina ng Koordinasyon sa Patakaran para sa mga Bata】**
**Homepage** at iba pa

# Pagpapalabas ng mga impormasyon sa kalusugan na nais malaman ng mga nagbibinata at nagdadalaga na mula sa pananaw ng mga kabataan

TOKYO YOUTH HEALTHCARE

- Health/medical site para sa mga edad 10 pataas -



Pagpapalabas ng **impormasyon na nais malaman** ng mga kabataan

✓ Ang mga kabataang nasa junior at senior high school ay magsisilbing **"youth writer"** upang gumawa ng mga artikulo

**Wasto at ligtas** sa ilalim ng **pangangasiwang mga eksperto**



✓ Gagawa ng mga **artikulo na sumasagot sa mga konsultasyon ng kabataan**, sa ilalim ng pangangasiwa ng isang eksperto


Homepage na **madaling basahin** ayon sa **ideya ng mga kabataan**

✓ Pagpapabuti ng mga tampok ng website, batay sa **opinyon ng mga kabataan**




Pagpapakita ng **ranggo** ng mga **artikulo** sa pangunahing pahina

Nakakainteres malaman kung **anong mga artikulo ang popular!**



# Mga Pangunahing Aksyon para sa Pagpapalakas ng Patakaran para sa mga Bata

## Haligi ng Patakaran 1

**Palakasin ang suporta para sa mga bata, mula sa pananaw na walang sinuman ang maiiwan.**

### Hakbang laban sa bullying

**Pagpapahusay sa sistema ng konsultasyong pang-edukasyon para sa mga mag-aaral**

- ✓ Magtatatag ng Punong Tagapayo sa Edukasyon at bubuo ng isang organisadong sistema ng konsultasyong pang-edukasyon
- ✓ Suporta sa pagtatalaga ng mga abogado at iba pa na tatanggap ng konsultasyon mula sa mga bata at magulang

**Magbahagi ng impormasyon gamit ang social media**

### Hakbang laban sa pag-abuso sa bata

**Palakasin ang sistema ng konsultasyon para sa mga bata upang matugunan ang mga malawak at espesyalisadong hamon na natatangi sa malalaking lungsod**

**Palakasin ang koordinasyon ng mga dibisyon ng kapakanan ng bata at kalusugan ng ina at anak sa mga lokal na pamahalaan, upang makapagbigay ng patuloy na suporta**

## Hakbang laban sa kahirapan

**Tungo sa pagtatatag ng isang komunidad kung saan ang bawat bata ay lumaking malusog, komprehensibong isulong ang mga panukala**

- Suportang pang-edukasyon
- Suporta sa pamumuhay
- Suporta sa pagtatrabaho ng mga magulang
- Suportang pinansiyal

## Paglikha ng iba't ibang ikatlong lugar para sa mga bata

**Batay sa iba't ibang pangangailangan, lilikha ng sari-saring ikatlong lugar para sa mga bata**

**Umaga** — Pagtatatag ng pang-umagang ikatlong lugar para sa mga bata gamit ang mga paaralang elementarya





**Araw** — Mga ikatlong lugar sa loob ng paaralan, cafe, free school, at iba pa



**After School** — After-school club
After-school Children's Classroom,
at iba pa

## Panlipunang pangangalaga

**Pahusayin ang pagpapalaganap ng sistema ng foster care at ang suporta para sa mga foster parent**

## Mga Pangunahing Hakbang para Palakasin ang Patakaran sa mga Bata

# Haligi ng Patakaran 2

**Pahusayin ang kapaligiran na sumusuporta sa paglago ng mga bata, sa pamamagitan ng pagbibigay-suporta sa mga pamilyang may anak**

## Pagpapahusay ng tuloy-tuloy na suporta sa lahat ng life stage

### Gawing libre ang bayad sa daycare at iba pang gastusin para sa lahat ng bata sa Tokyo

- ✓ Gawing libre ang bayad sa nursery at iba pang gastusin para sa unang anak na edad 0 ~ 2 taong gulang





### Gawing halos libre ang matrikula sa high school at iba pa

- ✓ Walang limitasyon sa kita

### Maglaan ng abot-kayang pabahay na angkop para sa mga pamilyang may anak at iba pa

- ✓ Gamitin ang Lakas ng pribadong sektor



### Isulong ang paglalaan ng Tahanan ng Tokyo Kodomo Sukusuku

東京こどもすくすく住宅

## Mas lalo pang pagpapabuti ng kalidad ng pag-aalaga sa bata at pagsuporta sa paglago ng lahat ng bata

### Suporta sa pag-unlad ng karera ng mga Childcare Worker at iba pa



### Pagsusulong ng serbisyo sa pag-aalaga ng bata

- ✓ Mental Health Care para sa mga staff ng bawat daycare at pag-iwas sa hindi tamang pag-aalaga

### Suporta para sa mga batang nangangailangan ng espesyal na tulong

- ✓ Konsultasyon sa mental health at kapakanan sa pamamagitan ng social media, suporta sa paglago ng mga batang nangangailangan ng medikal na pangangalaga at iba pa

## Pagpapaunlad ng mga after-school club at pagpapahusay ng kalidad ng serbisyo

### Paglutas sa isyu ng mga batang naghihintay ng slot sa after-school club bago matapos ang Taong 2027

**Paglikha ng ikatlong lugar para sa mga bata sa umaga**

**Paglikha ng "Certified after-school club system“ na natatangi sa Tokyo**



**Karagdagang pagpapaunlad ng after-school club**

**Paglikha ng iba’t ibang ikatlong lugar**




## Pagsusulong ng DX para sa mga bata

### 4 na Proyekto na isasakatuparan bago matapos ang Taong 2025

- **Ⅰ Serbisyo sa pagpapalaki ng bata na "Push-Type"**
- **Ⅱ Online service para sa kalusugan ng ina at anak**
- **Ⅲ One-Stop para sa mga aktibidad ng daycare denter**
- **Ⅳ Pagpapabuti ng kaginhawaan sa proseso ng paggawad ng benepisyo**



## Suporta para sa mga single-parent na pamilya

### Isulong ang pagsuporta sa sariling kakayahan ng mga single-parent na pamilya

✓ Suporta sa pagkuha ng kwalipikasyon at kasanayan para sa pagtatrabaho, pagpapalawak ng paggamit ng pansamantalang pag-aalaga sa pamamagitan ng babysitter, suporta sa pagtiyak ng sustento ng bata, at iba pa


# Haligi ng Patakaran 3

## Pagpapahusay ng kalidad ng edukasyon sa pamamagitan ng "Tokyo-Style Education Model"

### Pagpapalawak ng "Bagong Estilo ng Edukasyon" para sa pagbabago ng Tokyo Metropolitan High School

**Isulong ang pagbabago sa edukasyon na tumutugon sa interes at kagustuhan ng bawat isa, upang makahubog ng mga indibidwal na lilikha ng bagong halaga at solusyon**

**Bagong pagkatuto na pinagsamang digital at aktuwal**



✓ Pag-aaral sa loob at labas ng paaralan (panlabas na institusyon, online)
✓ Pag-aaral mula sa mga dalubhasa at mga propesyonal sa mga kumpanya
✓ Aktibong pagkatuto ng mga mag-aaral ayon sa kanilang kaalaman at interes

### Paghubog ng mga indibidwal na maipakita ang kanilang kakayahan sa pandaigdigang lipunan

**Pagpapatupad ng International Exchange Program sa mga Tokyo Metropolitan School**

✓ Suporta sa 'Pagbuo ng karera na nakatuon sa ibang bansa'





**Isulong ang Diversity Education sa mga Tokyo Metropolitan High School**




**Suportahan ang mga mag-aaral ng Tokyo Metropolitan High School na interesado sa pag-aaral sa mga unibersidad sa ibang bansa**

## Pagsusulong ng digital na edukasyon sa mga paaralan

### Pagpapatupad ng TOKYO Smart School Project




- Pagpapalakas ng **"Paraan ng Pagkatuto"** sa pamamagitan ng pagpapahusay ng digital na kapaligiran
- **"Paraan ng Pagtuturo"** na batay sa ebidensya
- Pagpapapagaan ng pasanin ng mga guro sa pamamagitan ng sistema ng **"Paraan ng Pagtatrabaho"**




### Tuluy-tuloy na pagsusulong ng edukasyon sa Programming

**Gamit ang digital na teknolohiya,**
**huhubugin natin ang “Mga eksperto sa paggawa”**
**na magdadala ng susunod na henerasyon**
**“Mga advanced na manggagawa sa agrikultura**
**na sumusuporta sa pagkain ng Tokyo"**

## Pagpapahusay ng edukasyon para sa mga batang mag-aaral na nangangailangan ng espesyal na suporta

**Pagpapatupad ng pinagsamang gawain sa pagitan ng mga espesyal na paaralan at Tokyo Metropolitan High School**



**Pagsusulong ng edukasyon at pagpapalaganap ng pag-unawa sa kapansanan sa pandinig sa okasyon ng TOKYO 2025 DEAFLYMPICS**

**Magpatupad ng mga programa para makahubog ng mga indibidwal na sasama sa pagtatayo ng inklusibong komunidad**

Emblem ng
TOKYO 2025 DEAFLYMPICS

Mga pangunahing hakbang para palakasin ang polisiya para sa mga bata

# Haligi ng Patakaran 4

## Sa pakikipagtulungan sa iba't Ibang partido, ipatupad ang mga aksyon na magtataguyod ng ngiti ng mga bata

## Kids Smile Movement

**Ipahayag ang ideya ng kilusang 'Isang komunidad na magpapahalaga sa mga bata,' at lumikha ng positibong saloobin**

- ✓ **Pagpapakalat ng impormasyon sa malawak na hanay ng mga partido**
- ✓ **Espesyal na klase para sa mga bata mula sa mga kilalang personalidad sa iba't ibang larangan**

**Paglikha ng mga oportunidad para sa pakikilahok ng mga bata sa komunidad**

Mga Ambassador ng "Kids Smile Movement"



Point!

Karanasan sa trabaho

**Pagbuo ng Website na Platform ng Karanasan sa Trabaho (pansamantalang pangalan)**

【Mga Mag-aaral ng Junior at Senior High School】
Pananaliksik sa kumpanya at aplikasyon

Matching

- Karanasan sa trabaho
- Pagpapakilala ng mga kumpanya ng mga reporter na mga mag-aaral na junior at senior high school, at iba pa

【Kumpanya at organisasyon】
Mga programa para sa karanasan, at iba pa


Dito para sa detalye

# Pagsulong ng IKUGYO

**Ang pag-aalaga ng anak ay hindi "Bakasyon,"**
**kundi isang "mahalagang gawain na humuhubog sa kinabukasan"**
**Hindi "Ikukyu" leave sa pag-aalaga kundi "Ikugyo" ***

* Nickname ng childcare leave

育業 いくぎょう
みんなで育てるしごと



(Dokumento) Inihanda batay sa "FY 2023 Report on Survey Results for Gender Equal Participation of Tokyo Metropolitan" ng Pamahalaang Metropolitan ng Tokyo, Kawanihan ng Ugnayang Pang-industriya at Paggawa

## Lalo pang isulong ang IKUGYO





Approach sa **pagsuporta sa kasamahan sa trabaho**

Approach sa **kabataan**





Pagbabago ng kamalayan ng mga **kabilang sa IKUGYO at iba pa**

Pagsusulong ng partisipasyon ng mga **kalalakihan sa IKUGYO**

Suporta sa **iba't ibang paraan ng pagtatrabaho**

Dito para sa detalye

